PHILIPPINE GENERAL HOSPITAL
The National University Hospital
University of the Philippines Manila
RADIOLOGY DEPARTMENT
Taft Avenue, Manila
*PHIC-Accredited Health Care Provider*
*ISO 9001:2008 Certified*

# CITIZEN'S CHARTER SERVICE GUIDE

## GABAY SA SERBISYO NG X-RAY

**Saan:** Radiology Department, Unang Palapag ng Central Block
**Telepono:** 554-8400 Local No. Local 3105 o 3113 o 3115 (para sa mga naka-confine sa Department of Pay Patient Services (DPPS))

**Tagapangulo ng Departamento:** Dr. Johanna Patricia A. Cañal

**Sino ang makakakuha ng serbisyo:** Mga pasyenteng nangangailangan ng diyagnostikong x-ray.

**Mga kailangang dalhin:**
- Nakumpletong X-ray Request (PGH Form No. P-310033) o Referral Slip mula sa pribadong Doktor/Klinika
- PGH Blue Card para sa pasyente ng PGH
- Resibo ng Pagbabayad o Stub
- Dati nang x-ray film kung proseso ng follow-up
- PGH Patient's Chart, kung kailangan

**Iskedyul ng serbisyo:**
- 7:30 n.u. – 4:00 n.h., Lunes – Biyernes
- 7:00 n.u. – 12:00 n.t. (para sa espesyal na proseso)
- 24 Oras para sa mga agarang kaso

**Mga bayarin:** Tingnan po ang aprubadong bayarin sa X-ray o magpapresyo sa kahero.

**Paano makakakuha ng serbisyo:**

| HAKBANG | GAGAWIN NG PASYENTE/KLIYENTE | GAGAWIN NG YUNIT | ITATAGAL NG GAWAIN | TAGAPAMAHALA |
|---|---|---|---|---|
| 1 | • Pumunta sa Radiology Department –<br>•Room 1 (mula 7:30 n.u. hanggang 4:00 n.h.)<br>•Room 21 (para sa mga naka-confine sa DPPS o Outpay, mula 7:00 n.u. hanggang 5:00 n.h.)<br>•Room 6 - Quality Control (mula 4:00 n.h. hanggang 6:30 n.u kinabukasan)<br>• Ipakita ang request/referral para magpa-x-ray. | • Tanggapin ang request form/referral.<br>• Suriin ang hinihiling na proseso.<br>• Isulat ang iskedyul ng pagsusuri kasama ang lagda ng AA o RT para matiyak ang pagiging orihinal at identidad ng request form.<br>• Para sa mga agarang kaso o "Emergency Procedures". Eto ay kinakailangang masuri muna at maaprobahan ng doctor. | 2 minuto<br><br>10 minuto | Administrative Aide (AA) o Radiologic Technologist (RT)<br><br>Radiology Resident |
| | Kung pasyente sa DPPS o pasyenteng may guarantee letter<br>Kung ang pasyente ay may MSS white card, hindi na niya kailangang pumunta sa PGH Cashier's Office | • Ilista o i-encode ang charge slip sa computer. | 1 minuto | Administrative Aide o Radiologic Technologist |
| 2 | • Pumunta sa PGH Cashier's Office at bayaran ang takdang halaga ng pagsusuri (Kung charity service patients o private outpatients). | • Suriin ang request form; tanggapin ang bayad at magbigay ng opisyal na resibo o tape receipt. | Oras ng Kahero | PGH Cashier |
| 3 | • Bumalik sa sa room na unang pinuntahan sa Radiology Department.<br>• Ipakita ang request form/referral kasama ang opisyal na resibo o tape receipt. | • Tanggapin ang resibo at request form.<br>• Ilista ang x-ray file number at iba pang mahalagang datos sa Logbook for Radiologic Examinations (PGH form No. A-460001).<br>• Isulat ang x-ray file number sa blue card o opisyal na resibo.<br>• Magbigay ng maikling paliwanag sa proseso at iba pang kailangan. | 2 minuto | Administrative Aide o Radiologic Technologist |
| 4 | • Pumunta sa nakatakdang X-ray room sa nakaiskedyul na araw at oras at ibigay ang nakumpletong form sa Radiologic Technologist na naka-duty.<br>• Manatili at maghintay na matawag ang pangalan ng pasyente sa nakatalagang lugar na hintayan ng mga pasyente sa harap ng Room 1. | • Tanggapin ang request form.<br>• Ipila ang request form kasama ng iba pang requests.<br>• Tawagin ang pangalang ng pasyente.<br>• Ihanda ang pasyente at makina sa proseso. | 15 minuto | Radiologic Technologist |
| 5 | • Sumailalim sa proseso. | • Gawin ang proseso. | Iba-iba (depende sa proseso) | Radiologic Technologist/ Resident |
| 6 | • Manatili at maghintay muli sa nakatalagang lugar na hintayan ng mga pasyente sa harap ng Room 1. | • Suriin ang mga imahe.<br>• Ulitin ang pagsusuri kung kinakailangan. | 10 minuto<br>Iba-iba (depende sa proseso) | Radiologic Technologist/ Resident |
| | | • Sabihan ang mga charity patients o nakatalagang Utility Worker na maaari nang bumalik sa kani-kanilang wards.<br>• At para sa mga private outpatients, balikan ang resulta sa itinakdang araw at oras ng pagkuha.<br>• Para sa mga pasyente ng DPPS, maaari na silang ibalik ng nakatalagang Utility Worker sa kani-kanilang kuwarto. | 1 minuto | Radiologic Technologist/ Resident |